COVID-19 PALUWAGAN
SA RENTA SA CA

Kailangan mo ba ng tulong sa upa o utilities?

Ikaw ay maaaring karapat-dapat sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA.

Makakamit ang tulong pinansiyal mula sa Estado ng California para sa mga umuupang karapat-dapat batay sa kita at ang kanilang mga nagpapaupang nasalanta ng COVID-19 at may lumampas nang upa o utilities, o nangangailangan ng tulong para sa upa o utilities sa hinaharap.

Ang mga umuupa at nagpapaupa ay pawang hinihimok na mag-apply.

Ang tulong ay magagamit para sa hindi nababayarang upa mula pa noong Abril 1, 2020, pati na sa mga upa sa hinaharap.

Ang tulong ay magagamit din para sa hindi nababayarang upa mula pa noong Abril 1, 2020, o para pambayad sa utility sa hinaharap, na kapwa mababayaran nang 100% ng halaga, hanggang kabuuang labindalawang (12) buwan, at ibabayad nang tuluyan sa utility provider.

Ang mga tulong mula sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA ay hindi matuturing na kita at hindi makakaapekto sa pagiging karapat-dapat sa iba pang programa ng pakinabang na tulong ng estado.

Ang lahat ng kaalaman tungkol sa aplikante ay mananatiling lihim at hindi maibabahagi

Ang mga karapat-dapat na aplikante batay sa kita ay maaaring maging kuwalipikado anuman ang katayuan sa imigrasyon at hindi kailangang patunayan ang pagkamamamayan.

Paano ako mag-aapply

Para malaman ang pagiging karapat-dapat at mag-apply, tumungo sa **HousingIsKey.com** o tumawag sa **833-430-2122.** Para matulungan sa inyong gamit na wika, makakuha ng tulong sa mga kailangan para maging karapat-dapat o para sagutan ang aplikasyon, magtakda ng appointment sa lokal na katuwang na samahang malapit sa inyo sa pagtawag sa **833-687-0967.**

Ang programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA ay isang programang opisyal na tinataguyod ng Estado ng California.